Mensahe Tatlo

## Pagiging Isa sa Kaluluwa upang Tamasahin si Kristo sa pamamagitan ng Pag-iisip ng Isang Bagay, sa Pagiging Kaisa ni Kristo sa Kanyang mga Panloob na Bahagi, at sa Pagpapahintulot sa Diyos na Isagawa sa Loob natin ang Pagnanais at Paggawa para sa Kanyang Mabuting Kaluguran

Babasahin sa Kasulatan: Fil. 1:4, 8, 18, 25, 27; 2:2, 12-13, 17-18, 28-29; 3:1; 4:1, 4, 10, 15-16

**I. Sa estriktong pananalita, ang Filipos ay isang aklat hindi lamang sa karanasan kay Kristo bagkus gayundin sa pagtatamasa kay Kristo; ang karanasan kay Kristo ay pangunahing sa ating espiritu, subalit ang pagtatamasa kay Kristo ay sa ating kaluluwa (ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya):**

A. Yamang ang Filipos ay may kinalaman sa karanasan at pagtatamasa kay Kristo, na nagreresulta sa kagalakan, ito ay isang aklat na punó ng kagalakan at pagkagalak—1:4, 18, 25; 2:2, 17-18, 28-29; 3:1; 4:1, 4.

B. Ang mga banal sa Filipos ay mayroong salamuha sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, sa pamamagitan ng mnisteryo ni apostol Pablo; ang pakikibahaging ito ay kinapapalooban ng kanilang mga pinansyal na kontribusyon sa apostol—bb. 10, 15-16:

1. Ang buhay na nakakaranas ng Kristo at nagtatamasa ng Kristo ay isang buhay sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, isang buhay na nagpapahayag ng ebanghelyo, hindi mapag-isa kundi pangsama-sama; lalo tayong may salamuha sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, lalo nating mararanasan at matatamasa si Kristo; ito ang pumapatay sa sarili, ambisyon, kagustuhan, at pagpili.
2. Kung tayo man ay magsasalita o mananatiling tahimik, ang ating buhay, ang ating pamumuhay, ang ating katauhan, at ang ating buong persona ay dapat na nagpapahayag ng Kristo—1:20; 4:22; cf. 2 Cor. 3:3.

C. Inatasan tayo ni Pablo na igawi ang ating mga sarili "sa paraang karapat-dapat sa ebanghelyo ni Kristo," na "tumatayong matibay sa isang espiritu, na may isang kaluluwa na magkasamang nagpupunyagi kalakip ang pananampalataya ng ebanghelyo"—Fil. 1:27:

1. Ang maging isa sa kaluluwa at maging magkatulad na kaluluwa para sa ebanghelyong gawain ay mas mahirap kaysa sa isang espiritu upang maranasan si Kristo; si Timoteo ay isang kapatid na lalaking may katulad na kaluluwa kay apostol Pablo—2:19-21, cf. b. 30.
2. Ang maging isa sa kaluluwa ay humihiling na, matapos maisilang na muli sa ating espiritu, tayo ay sumulong upang matransporma sa ating kaluluwa—2 Cor. 3:18; Roma 12:2.
3. Kung hindi tayo isa sa ating mga damdamin, mga iniisip, at mga pagpapasya, hindi tayo isa sa kaluluwa; hangga't tayo ay hindi isa sa kaluluwa, tayo ay wala sa salamuha tungo sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, at ang ating gawi ay hindi karapat-dapat sa ebanghelyo.
4. Kapag ang lahat ng sangkap sa ekklesia ay isa sa espiritu kasama ang isang kaluluwa, ang kaisahang ito ay magiging kapani-paniwala, sumusupil, at kaakit-akit, at mararanasan natin si Kristo at matatamasa natin Siya.

D. Posibleng maranasan natin si Kristo na hindi tinatamasa si Kristo; ang suliranin dito ay sa ating kaluluwa—ang ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya; gaya ng mga bata na pinapakain ngunit hindi tinatamasa ang kanilang pagkain, maraming pagkakataon ay nararanasan natin si Kristo na hindi Siya tinatamasa.

E. "Ako ay nag-aalala na kayo ay walang gaanong pagtatamasa kay Kristo" (*The Collected Works of Witness Lee, 1978,* vol. 1, "The Experience of Christ," p. 340); ang dahilan na marami ang nawawalan ng pagtatamasa kay Kristo ay ang suliraning nasa kanilang kaluluwa; kung hindi kayo gaanong nagtatamasa kay Kristo, ito ay nagpapahiwatig na hindi kayo isa sa kaluluwa, nakaugpong sa kaluluwa—Fil. 2:2.

II. **Upang tayo ay maging isa sa kaluluwa, kailangan nating mag-isip ng isang bagay: ang *isang bagay* sa Filipos ay tumutukoy sa subhektibong kaalaman, karanasan, at pagtatamasa kay Kristo; ang *isang bagay* ay ang paghahabol kay Kristo upang tamuhin Siya, panghawakan Siya, at angkinin Siya—1:20-21; 2:2, 5; 3:7-14; 4:13:**

A. Upang makapamuhay sa realidad ng Katawan ni Kristo, dapat nating tamasahin si Kristo sa pamamagitan ng sukdulang pag-ibig sa Kanya, at upang ibigin Siya, ang ating mga pag-iisip ay kailangang maligtas sa pagiging napatigas (2 Cor. 3:14), nabulag (4:4), rebelde (10:4-5), at napasamá (11:2-3).

B. Ang ating pag-iisip ay dapat maituon sa kahigtan ng pagkakilala kay Kristo at ang pagdaranas at pagtatamasa kay Kristo; ang pagtuon sa iba pang bagay ang magsasanhi sa atin na mag-iisip nang naiiba, sa gayon ay naglilikha ng mga pagtatalo sa gitna natin—1 Cor. 1:10; Fil. 3:8-9, 15; 4:2.

C. Ang isang bagay, ang bukod tanging bagay, sa pagbabawi ng Panginoon ay ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos kalakip si Kristo bilang ang sentralidad at unibersalidad—Col. 3:10-11:

1. Ang isang bagay na dapat pagtuunan, bigyang diin, at inihahain sa pagbabawi ng Panginoon ay ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos—1 Tim. 1:3-4.
2. Ang nilalaman ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay si Kristo; sa katunayan, si Kristo mismo sa Kanyang lubos na ministeryo sa tatlong yugto ay ang dibinong ekonomiya (Juan 1:14; 1 Cor. 15:45b; Rev. 1:4; 3:1; 4:5; 5:6); ang ninanais ng Diyos ay ang magkaroon ng isang pagbabawing dalisay at lubusang para sa persona ni Kristo (Col. 1:17b, 18b; 2 Cor. 12:2a; 2:10; 3:3).

D. Sa gitna ng mga taga-Filipos ay may pagtatalo sa kanilang pag-iisip (Fil. 4:2), na bumagabag sa apostol; kaya, humiling siya sa kanila na isipin ang parehong bagay, maging ang isang bagay, upang kanilang lubusin ang kanyang kagalakan (2:2):

1. Ang isipin ang ibang bagay maliban sa isang bagay ay ang magrebelde sa ekonomiya ng Diyos; ang ekonomiya ng Diyos ay yaong isipin natin ang isang bagay; sa buhay ekklesia kailangan nating tulungan ang mga banal na isipin ang isang bagay; ang ating mga pag-iisip ay dapat nakatuon sa at napupunuan ng pagtatamasa kay Kristo para sa buhay ekklesia, ang buhay Katawan.
2. Dahil sa pagtatalo sa kanilang pag-iisip, ang mga mananampalatayang taga-Filipos ay may iba't ibang antas ng pag-ibig (b. 2); wala silang parehong pag-ibig sa lahat ng mga banal para sa pagpapanatili ng kaisahan; kung ang ating pag-ibig sa mga banal ay naregulahan at natuos, sa gayon ay tatamasahin natin si Kristo habang iniibig natin ang mga banal.
3. Ang pagiging isa sa kaluluwa, naiugpong sa kaluluwa, ay hindi lamang para sa pagdaranas kay Kristo bagkus higit pa ay para sa pagtatamasa kay Kristo; upang matamasa si Kristo, kailangan nating magkaroon ng isang wastong kaluluwa, isang "kasamang-kaluluwa" yaon ay kaisa sa mga kaluluwa ng ibang banal.

III. **Upang tayo ay maging isa sa kaluluwa, kailangan nating makaisa si Kristo sa Kanyang mga damdamin, ang Kanyang "mga panloob na bahagi," sumasagisag sa Kanyang panloob na pagmamahal, kahabagan, at simpatiya—Fil. 1:8:**

A. Bilang isang tao, ang mga karanasan ni Kristo sa Kanyang mga panloob na bahagi kasama ang Kanyang pag-ibig, kanaisan, kaluguran, at damdamin—Aw. 16:3, 7 (tingnan ang mga talababa sa Salin sa Pagbabawi).

B. Si Pablo ay hindi namuhay ng isang buhay sa kanyang natural na panloob na katauhan; siya ay namuhay ng isang buhay sa mga panloob na bahagi ni Kristo; kung nais nating maging na kay Kristo sa pangkaranasan, dapat tayong mapasa Kanyang mga panloob na bahagi, sa Kanyang mga magiliw at maselang damdamin—Col. 3:12.

C. Sa aklat ng Filemon ay mayroon tayong isang larawan ng buhay Katawan na ipinamuhay sa mga panloob na bahagi ni Kristo Hesus—bb. 7, 10-12, 20:

1. Habang si Onesimo ay nasa piitan sa Roma kasama ni Pablo, siya ay naligtas sa pamamagitan ni Pablo, na tinukoy siya bilang "aking anak, na aking isinilang sa aking mga gapos"—b. 10.
2. Nang pinabalik ni Pablo si Onesimo taglay ang kanyang Liham kay Filemon, sinabi ni Pablo, "Siya [si Onesimo] ay pinabalik ko sa iyo—siya, yaon ay, ang aking mismong puso"—b. 12.
3. Ang panloob na pagmamahal at kaawaan ni Pablo ay kasama ni Onesimo patungo kay Filemon; ang mga salitang *mismong puso* ay literal na katulad ng *mga panloob na bahagi* sa Filipos 1:8, na sumasagisag sa panloob na pagmamahal, kahabagan, at mga kaawaan—Col. 3:12.

D. Si Pablo ay namuhay sa realidad ng Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng pagkuha ng damdamin ni Kristo bilang kanyang sariling damdamin; ang damdamin ni Kristo para sa Katawan ay naging kanyang damdamin para sa Katawan; ito ay lubhang kailangan para sa ating pamumuhay ng buhay Katawan—2 Cor. 12:15.

E. Kung itatatwa natin ang ating mga sarili at ipagkakakilanlan ang ating mga sarili sa Katawan, walang magiging paghihiwaly o diskoneksyon mula sa Katawan; ang buhay na pinamumuhay natin ay lubusang magiging ang buhay Katawan, at matatamo ng Panginoon ang kahayagan ng Kanyang Katawan sa lupa ngayon—Mat. 16:24; Efe. 4:16.

F. Lalo tayong namumuhay sa mga panloob na bahagi ni Kristo Hesus, lalong malaki ang ating magiging kamalayan ng Katawan ni Kristo at lalong malakas ang magiging damdamin natin para sa Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:26-27; Roma 12:15.

**IV. Upang tayo ay maging isa sa kaluluwa, kailangan nating isagawa ang ating sariling kaligtasan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa panloob na nagpapalakas na Diyos, na gumagawa sa atin kapwa ang "pagnanais at paggawa para sa Kanyang mabuting kaluguran"—Fil. 2:12-13:**

A. Isinasagawa natin ang ating sariling kaligtasan sapagkat ang Diyos ang gumagawa sa loob natin; masasabi natin na wala tayong pagnanais, subalit ang Diyos ang gumagawa ng pagnanais tungo sa atin para sa pagsasagawa ng Kanyang mabuting kaluguran; ang pagnanais ay sa loob, at ang paggawa ay sa labas.

B. Kailangan tayong mag-ensayo ng ating espiritu kasama ang nagapi at nabuhay na muling pagpapasya upang piliing isagawa ang ating sariling kaligtasan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa nananahanang Tres-unong Diyos, na gumagawa sa loob natin ng pagnanais para sa Kanyang mabuting kaluguran.

C. Ang ating natranspormang pagpapasya ay makikita sa tipolohiya sa Awit ng mga Awit 4:4; sinasabi ng bersikulong ito na ang mapagmahal na naghahanap sa Panginoon ay may "leeg gaya ng moog ni David, / Itinayo bilang sakbatan: / Isang libong kalasag ang nakasabit dito, / Lahat ng mga kalasag ng mga makapangyarihang lalaki":

1. Sinasabi ng Bibliya hinggil sa mga lumalakad ayon sa kanilang sariling pagpapasya, na mga matigas ang ulo at palalo, gaya ng mga balintamad (Isa. 3:16); kaya, ang leeg ay nagpapahiwatig ng pagpapasya ng tao; itinuturing ng Panginoon ang pagpapasakop ng pagpapasya ng tao bilang ang pinakamagandang bagay sa tao.
2. Ang leeg gaya ng isang moog na sumasagisag sa pagpapasya ng mga tagapaghanap ay napalakas ng Diyos hanggang sa hindi na niya iniibig ang sanlibutan at hindi na naaapektuhan ni Satanas; ang kanyang pagpapasya ay nadala sa kumpletong pagpapasakop kay David (na sumasagisag kay Kristo), at ang kanyang pagpapasya ay nabihag ni Kristo.
3. Ang sakbatan na nasa loob ng moog ay sumasagisag sa katagumpayan ni Kristo para sa pagpipreserba ng pagpapasya ng mananampalataya mula sa pangangamkam ng kaaway; ang mga kalasag at mga panangga ay para sa proteksyon; at ang mga makapangyarihang lalaki ay nagpapahiwatig ng kalakasan.

4. Bilang buod, ang Awit ng mga Awit 4:4 ay nagpapahiwatig na ang mananampalataya ay nagnanais na magpasakop sa kalooban ni Kristo, at ang kanyang pagpapasya ay sinlakas ng isang moog para sa pagsasagawa ng Kanyang kalooban; siya ay matiyagang nagbabantay at hindi hinahayaan ang kaaway na kamkamin ang kanyang mapagpasakop na pagpapasya.

D. Ang ating karanasan kay Kristo bilang ating buhay ng pagsunod upang isagawa ang ating sariling kaligtasan ay makikita sa sagisag ng arkang itinayo ni Noe; ang itayo ang arka ay ang itayo ang praktikal at kasalukuyang Kristo bilang kaligtasan ng Diyos sa ating karanasan para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo bilang ang sama-samang Kristo para sa mabuting kaluguran ng Diyos—Fil. 2:8, 12-13:

1. Ang ginawa at pinasok ni Noe ay ang kaligtasan ng Diyos, ang arka; dapat tayong magkaroon ng isang praktikal at kasalukuyang Kristo kung kanino maaari tayong pumasok bilang ang kaligtasan ng Diyos.
2. Ang arka ay isang sagisag ni Kristo, hindi lamang ang indibiduwal na Kristo bagkus gayundin ang sama-samang Kristo, ang ekklesia, na siyang ang Katawan ni Kristo at ang bagong tao—Gen. 6:14; 1 Cor. 12:12; Efe. 2:15-16; Col. 3:10-11.
3. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng arka at pagpasok dito, si Noe ay hindi lamang naligtas mula sa paghahatol ng Diyos sa masamang henerasyon sa pamamagitan ng baha bagkus ay naihiwalay din mula sa henerasyong iyon at naihatid sa isang bagong kapanahunan—Gen. 8:13-19; 1 Ped. 3:20.
4. Gayundin, sa pamamagitan ng ekklesia at pagpasok sa buhay ekklesia sa pamamagitan ng pagtatayo ng praktikal at kasalukuyang Kristo bilang ang kaligtasan ng Diyos sa ating karanasan, tayo ay maliligtas mula sa paghahatol ng Diyos sa ngayong masamang henerasyon sa pamamagitan ng matinding kapighatian (Mat. 24:37-39; Luc. 17:26-27; 1 Tes. 5:3); maihiwalay mula sa henerasyong iyon (Luc. 21:36; Apoc. 3:10); at maihatid sa isang bagong kapanahunan, ang kapanahunan ng milenyo.

*© 2023 Living Stream Ministry*